

Ang Pamamaraan sa Halalan

Sa ilalim ng Konstitusyon ng California, ang mga mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman at ng mga hukuman ng apela ay sumasailalim sa pagpapatibay ng mga botante. Bumoboto ang publiko ng “oo” o “hindi” kung pananatilihin ang bawat mahistrado.

Walang partido ang mga posisyong ito sa hudikatura.

Bago maging mahistrado ng hukuman ng apela ang isang tao, dapat isumite ng Gobernador ang pangalan ng kandidato sa Komisyon sa Pagtaya ng mga Nominado sa Hukuman, na binubuo ng mga miyembro ng publiko at mga abogado. Nagsasagawa ang komisyon ng masusing pagsusuri sa background at mga kwalipikasyon ng kandidato, kasama ang mga komento mula sa komunidad, at pagkatapos ay ipinapadala nito sa Gobernador ang pagsusuri nito sa kandidato.

Pagkatapos, sinusuri ng Gobernador ang pagsusuri ng komisyon at opisyal na hinirang ang kandidato, na ang mga kwalipikasyon ay sumasailalim sa mga komento ng publiko bago suriin at repasuhin ng Komisyon sa Paghirang sa Hukuman. Ang komisyon ay binubuo ng Punong Mahistrado ng California, Abogado Heneral ng California, at isang nakatatasa na Namumunong Mahistrado ng Hukuman ng Apela. Dapat na kumpirmahin o tanggihan ng Komisyon ng Paghirang sa Hukuman ang nominasyon. Tanging kapag nakumpirma lamang magiging mahistrado ang nominado.

Kasunod ng pagkumpirma, nanunumpa sa tungkulin ang mahistrado at sumasailalim sa pagpapatibay ng mga botante sa susunod na halalan para sa Gobernador, at pagkatapos nito sa pagtatapos ng bawat termino. Ang terminong itinakda ng Konstitusyon ng California para sa mga mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman at mga hukuman ng apela ay 12 taon. Kinukumpirma ng Commission on Judicial Appointments ang mga mahistrado hanggang sa susunod na halalan para sa Gobernador lamang, kung kailan sila tatako para sa retention ng natitirang bahagi ng termino, kung mayroon man, ng kanilang hinalinhan, na maaaring alinman sa apat o walong taon. (Kodigo ng Halalan seksyon 9083.)

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman at mga Mahistrado ng Hukuman ng Apela, bisitahin ang voterguide.sos.ca.gov o courts.ca.gov.

Pahayag ng mga Kwalipikasyon ng mga Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman

Kelli M. Evans, Kasamang Mahistrado, Kataas-taasang Hukuman ng California

Pagpasok sa Bar: 1994

Edukasyon: University of California Davis School of Law, J.D., 1994; Stanford University, B.A., 1991.

Propesyonal na Legal na Background: Punong Diputadong Kalihim ng mga Gawaing Pambatas, Opisina ni Gobernador Gavin Newsom (2019–2021); Espesyal na Katulong na Abogado Heneral, Kagawaran ng Hustisya ng California (2017–2019); Nakatatasa na Direktor, Pangangasiwa ng Hustisya, Bar ng Estado ng California (2014–2017); Monitor ng Pederal na Hukuman, Hukuman ng Distrito ng U.S., Hilagang Distrito ng California (2003–2010) sa Hukuman ng Distrito ng U.S., Hilagang Distrito ng Ohio (2015–2017); Abogado, Relman & Associates (2001–2004); Nakatatasa na Abogado ng Paglilitis, Dibisyon sa mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Hustisya ng U.S. (1998–2001); Tauhang Abogado at Katulong na Direktor, ACLU ng Hilagang California (1995–1998 at 2010–2013); Katulong na Pamublikong Manananggol, County ng Sacramento (1995); Kasamahan sa Litigasyon na Ruth Chance, Mga Tagapagtaguyod ng Mga Pantay na Karapatan (1994–1995).

Hudisyal na Background: Kasamang Mahistrado, Kataas-taasang Hukuman ng California, 2023–kasalukuyan; Hukom, Kataas-taasang Hukuman ng California ng Alameda County, 2021–2022.

Joshua P. Groban, Kasamang Mahistrado, Kataas-taasang Hukuman ng California

Pagpasok sa Bar: Disyembre 1998

Edukasyon: Harvard Law School, J.D., 1998; Stanford University, A.B., 1995.

Propesyonal na Legal na Background: Klerk ng Batas kay Hukom William C. Conner, Southern District of New York, 1998–1999; Abogado, Paul, Weiss, Rifkind, Wharton & Garrison LLP, 1999–2005; Abogado, Munger, Tolles & Olson LLP, 2005–2010; Nakatatasa na Tagapayo kay Gobernador Jerry Brown, 2011–2018; Lecturer, UCLA School of Law, 2014–2018.

Hudisyal na Background: Kasamang Mahistrado, Kataas-taasang Hukuman ng California, 2018–kasalukuyan.